DocuSign Envelope ID: 4F610C1B-62CF-4506-976D-D7CA7A645C4A

**Pampublikong Kautusan ng Glendale Bilang 2020-08**

**Sa Ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad ng Lungsod ng Glendale**

**Petsa ng Paglathala: Mayo 8, 2020**

**Mga Panukala ng Lungsod sa Pagtugon sa COVID-19**

**Bahagyang Pagpapawalang-bisa ng GPO Bilang 2020-04**

**Samantalang** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng lokal na emerhensiya. Kinailangan ito dahil sa lumulubhang pag-aalala sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam, mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan. Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ay patuloy na tumataas sa loob ng maikling panahon. Ipinapayo sa atin ng Centers for Disease Control and Prevention na ang COVID-19 ay mabilis na kumakalat sa bawat tao kaya ito ay naglabas ng mga alituntuning nagrerekomenda sa publiko na sumunod sa mga patakaran at magpanatili ng social distancing o pagpapanatili ng distansya sa kapwa hanggang maaari. Bilang karagdagan, nagpalabas ang Konseho ng Lungsod noong Marso 16, 2020 na isara at limitahan ang access sa ilang mga pampublikong establisimiyento;

**Samantalang** ang Lungsod ng Glendale ay mas matinding nagsisikap na mapanatili ang kalinisan ng kamay, maingat na pamantayan sa paghinga, at social distancing. Lubhang kritikal na gawin ng Lungsod ang lahat ng kanyang makakaya upang mapabagal ang pagkalat sa komunidad at maiwasan ang hindi kinakailangang pahirap sa sistemang medikal. Upang makatulong sa mga pagsisikap, sa ilalim ng emerhensiyang awtoridad na ibinigay sa Direktor ng Serbisyong pang-Emerhensiya alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, upang gumawa at mag-isyu ng mga patakaran at regulasyon sa mga bagay na makatuwirang may kaugnayan sa proteksyon ng buhay at pag-aaring naaapektuhan ng naturang emerhensiya, iniutos na ang isang serye ng pansamantalang mga paghihigpit ay ipatupad sa ilang establisimiyento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay may maaaring magtipon at manatiling magkakalapit;

**Samantalang** noong Marso 23, 2020, ipinatupad ng Direktor ng Sebisyong Pang-Emerhensiya ang Pampublikong Kautusan ng Glendale Blg 2020-04, na isinasara ang lahat ng mga hiking trails at lahat ng korte ng palakasan/palaruan. mga fields at mga kagamitan sa lahat ng mga parke na pag-aari ng Lungsod at mga panlibangang pasilidad.

**Samantalang** noong Marso 24, 2020, ang nasabing Kautusan ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod;

**Ngayon,** sa pamamagitan ng awtoridad na ipinagkaloob alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Direktor ng Serbisyong Pang-Emerhensiya ay naglabas ng mga sumusunod na kautusan, epektibo sa ika 12:01 ng umaga ng Mayo 9, 2020, hanggang sa matapos ang lokal na panahon ng emerhensiya:

DocuSign Envelope ID: 4F610C1B-62CF-4506-976D-D7CA7A645C4A

Seksyon 1. Alinsunod sa pagsasaayos ng County ng Los Angeles para sa Kautusang “Safer at Home”, ang Pampublikong Kautusan ng Glendale Blg 2020-04 ay bahagyang pinawawalang bisa kung saan ang mga trails at trailheads ay ibubukas na sa publiko. Ang mga indibidwal na gagamit ng mga trails na ito ay dapat magpanatili ng social distancing at magsuot ng takip sa mukha (ayon sa ipinatutupad ng Resolusyon ng Lungsod Bilang 20-41), at sumunod sa iba pang mga hakbang pangkaligtasan kung kinakailangan.

Seksyon 2. Ang anumang paglabag sa nakasaad na Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng City Attorney para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagpapataw ng mga multang hindi hihigit sa $1,000 o pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan. Dapat gumamit ang bawat opisyal ng kanyang diskresyon sa pagpapatupad ng kautusang ito at palaging isaisip ang hangarin ng kautusang ito. Ang mga paglabag ay sasailalim sa mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, na nagsasaad, kasama ang ibang mekanismo ng pagpapatupad na nasasaad sa loob nito, ang mga multang $400 para sa unang paglabag o citation, $1,000 sa ikalawa, at $2,000 sa ikatlong paglabag.

ika - 8 Araw ng Mayo, 2020

Sa Oras na: 02:11 p.m.

By: Yasmin K. Beers

Yasmin K. Beers
Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya

Inaprubahan bilang Form:
MICHAEL J. GARCIA, CITY ATTORNEY

Ni: Michael J. Garcia

Titulo: City Attorney

Petsa: Mayo 8, 2020